American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-10, Issue-03, pp-89-100
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# 45 Minuto para sa Asignaturang Filipino: Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral ng Ayala National High School

Glaiza S. Ramirez[1], Ruby Y. Somblingo[2], Anna Marie C. Mendoza[3]
*(Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), College of Teacher Education,Western Mindanao State University, Philippines)*

**ABSTRACT :** The Filipino subject plays a vital role in the curriculum as it promotes communication, cultural understanding, and critical thinking among students. With the implementation of the MATATAG Curriculum, some schools have adopted a 45-minute class period for Filipino, raising concerns about whether the time is sufficient for effective teaching and learning. This study examined the perceptions of teachers and students of Ayala National High School regarding the adequacy of the 45-minute class period in Filipino. The study used a mixed-method explanatory design. Quantitative data were gathered through a Likert-scale survey questionnaire, followed by a Focus Group Discussion to further explain the results. The participants included 20 Filipino teachers and 30 Grade 8 students selected through purposive and stratified random sampling. Data were analyzed using descriptive statistics and thematic analysis. Findings showed that teachers generally had a positive perception of the 45-minute class period, particularly in maintaining student attention and participation, although they noted challenges in discussing lessons in depth. Students, however, expressed neutral to negative perceptions, especially in understanding lessons and completing classroom tasks. Both groups reported time limitations for deeper and collaborative learning activities. The results suggest the need to review the current time allocation and improve instructional planning to enhance the quality of teaching and learning in Filipino.

***KEYWORDS:*** *Class Period, Filipino Subject, MATATAG Curriculum, Perception, Teaching and Learning*

## I. PANIMULA

Ang Filipino ay isang mahalagang paksa sa sistema ng edukasyon ng Pilipinas dahil ito ay nagsisilbing pangunahing paraan ng komunikasyon at nagpapakita ng ating kultura, pagkakakilanlan, at kamalayan sa ating bansa. Kaugnay nito, binibigyang diin ng Department of Education (DepEd) ang tamang alokasyon ng oras para sa bawat asignatura upang matiyak ang kalidad ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral, alinsunod sa mga reporma sa edukasyon tulad ng MATATAG Curriculum.

Pinahihintulutan ng DepEd Order No. 012, s. 2024, ang mga paaralan na iakma ang kanilang mga iskedyul ng klase alinsunod sa kanilang kakayahan at pangangailangan, basta't hindi bababa sa 200 minuto bawat linggo ang naitatalagang oras para sa Filipino. Gayunpaman, may mga pagkakataon kung saan ang itinakdang alokasyon ng iskedyul ay hindi maaaring matugunan sa ilang paaralan dahil may ibang mga paaralan ay nasa *shifting classes*. Halimbawa, maaaring 45 minuto lamang ang bawat sesyon dahil sa limitadong bilang ng mga guro, silid-aralan, o iba pang pasilidad. Ang ganitong kalagayan ay nagbubunsod ng mga katanungan hinggil sa epekto ng pinaikling oras ng pagtuturo sa kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga naunang pag-aaral ay nagpapakita na ang haba ng oras ng klase ay may malinaw na kaugnayan sa partisipasyon ng mga mag-aaral, sa antas ng kanilang pagkatuto, at sa kalidad ng pagtuturo ng mga guro. Halimbawa, sa kanilang pananaliksik sa Malaban East Elementary School, sina Capelo et al. (2024) ay natuklasan na ang pagganap ng akademiko ng mga mag-aaral ay maaaring maapektuhan nang negatibo kapag kulang ang oras ng pagtuturo lalo na kung hindi sapat ang oras upang maipaliwanag ng guro ang mga aralin at maisagawa ng mga mag-aaral ang mga kinakailangang gawain sa klase.

Bukod dito, ayon sa pag-aaral na *"Beyond the Bell: The Role of Instructional Time and Learner Persistence in Shaping Effective Public-School Curricula"* (Alajar & Paglinawan, 2024) na isinagawa sa Bukidnon National High School, natuklasang may malinaw na positibong ugnayan sa pagitan ng pagiging epektibo ng kurikulum at ang pagtutok ng mga mag-aaral sa oras ng pagtuturo at kanilang determinasyon (learner persistence). Ipinakita ng resulta na kapag sapat ang oras ng klase, mas aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral at mas malinaw nilang nauunawaan ang mga aralin.

Sa Ayala National High School, nakararanas din ang mga guro at mag-aaral ng mga hamon sa oras ng pagtuturo. Kaya't mahalagang pag-aralan kung paano nila tinitingnan ang kasapatan ng 45-minutong sesyon para sa Filipino. Sa ganitong sitwasyon, mahalaga na suriin kung sapat ba ang 45-minutong oras para sa epektibong pagtuturo at pagkatuto ng Filipino para sa parehong guro at mag-aaral. Bilang resulta, ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng pamamaraang quantitative. Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay inaasahang magsisilbing batayan hindi lamang para mapahusay ang iskedyul at estratehiya sa pagtuturo ng Ayala National High School, kundi pati na rin para makapag-ambag sa mas malawak na mga patakaran ng DepEd hinggil sa alokasyon ng oras para sa asignaturang Filipino.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsusuri ng persepsyon ng mga guro at mag-aaral ng Ayala National High School hinggil sa kasapatan ng 45-minutong oras para sa asignaturang Filipino. Partikular, sasagutin ng pananaliksik na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong inilaan sa pagtuturo ng Filipino?
2. Ano-ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong inilaan sa pagkatuto ng Filipino?
3. Ano-ano ang mga rekomendasyon ng mga guro at mag-aaral sa inilaang 45 minuto sa Filipino?

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### Time Allotment ng mga Asignatura

Ang oras na inilaan sa bawat asignatura ay isa sa pinakamahalagang salik sa epektibong pagkatuto. Ang *time allotment* o oras ng pagtuturo ay tumutukoy sa haba ng panahong itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon upang maihatid ang nilalaman ng kurikulum sa bawat antas at asignatura. Ayon sa Department of Education (2012) sa *DepEd Order No. 31, s. 2012,* bawat asignatura ay may partikular na bilang ng minuto sa bawat araw upang matiyak ang sapat na pagtalakay sa mga kasanayan at maabot ang mga layunin ng K–12 Basic Education Curriculum. Nais ng patakarang ito na magkaroon ng pantay na oras sa lahat ng asignatura at matiyak ang maayos na pagpapatupad ng mga aralin (DepEd, 2012).

Ayon kay Carroll (1963) sa kaniyang *Time-on-Task Theory*, ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral ay nakasalalay sa oras na aktibong ginugugol niya sa pagkatuto kumpara sa aktwal na oras na inilaan para sa aralin. Ipinapahiwatig nito na ang epektibong paggamit ng oras ay hindi lamang nasusukat sa dami ng oras kundi sa kalidad ng pagtuturo at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

Pinagtibay nina Vandenberghe at Saavedra (2021) sa kanilang pag-aaral na may positibong ugnayan sa pagitan ng haba ng oras ng pagtuturo at antas ng pagkatuto, subalit higit na nakaaapekto ang *teacher quality* at *instructional management*. Ipinapakita nito na kahit limitado ang oras, maaari pa ring makamit ang mataas na antas ng pagkatuto kung mahusay na napaplano at napamamahalaan ng guro ang mga gawain sa klase (ScienceDirect, 2021).

Sa panlokal na antas, binigyang-diin ng Department of Education (2024) sa *DepEd Order No. 013, s. 2024* o *Implementing Guidelines on the MATATAG Curriculum* na ang pagbabago sa oras ng pagtuturo ay nakatuon sa layuning gawing *"leaner, faster, at more focused"* ang mga aralin. Binawasan ang ilang learning areas upang mabigyan ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa loob ng 45–50 minutong klase. Layunin nitong mapagaan ang *cognitive load* at mapahusay ang kalidad ng pagtuturo (DepEd, 2024).

Dagdag pa rito, sa pag-aaral nina Abelgas et al. (2024), natukoy na sa pagpapatupad ng 45-minutong klase sa ilalim ng MATATAG Curriculum, nakararanas ng hamon ang mga guro sa pacing ng leksiyon. Gayunpaman, natutugunan ito sa pamamagitan ng paggamit ng *focused learning activities*, *integration*, at *contextualized assessment* upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo. Samantala, ayon kay Lobitaña (2024) sa kaniyang *FICS Model of Teaching in 45 Minutes*, ang malinaw na estruktura ng oras sa apat na bahagi—Focus, Introduce, Connect, at Synthesize—ay napatunayang nakatutulong sa pagiging produktibo at organisado ng pagtuturo sa loob ng limitadong oras (All Multidisciplinary Journal, 2024).

Pinatutunayan ng mga nabanggit na literatura at pag-aaral na ang *time allotment* ay hindi lamang teknikal na aspeto ng kurikulum kundi isang *pedagogical concern* na may malaking epekto sa kalidad ng pagtuturo. Ang epektibong paggamit ng oras ay nakasalalay sa kahusayan ng guro, sa organisadong pagplano, at sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

### Asignaturang Filipino

Ang Asignaturang Filipino ay isang pangunahing asignatura sa K–12 Curriculum na naglalayong hubugin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood. Ayon sa Department of Education (2012) at Department of Education (2024), sa pamamagitan ng *DepEd Order No. 31, s. 2012* at *DepEd Order No. 013, s. 2024*, itinuturing ang Filipino bilang isang daluyan ng pag-unawa sa kultura, identidad, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ayon kina Abagon at Quintino (2021), ang Filipino bilang asignatura ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa at pag-unlad ng bokabularyo, komprehensyon, at kritikal na pag-iisip—mga kasanayang

mahalaga sa paghubog ng mga mamamayang may kamalayang panlipunan at pambansang identidad. Pinatotohanan din ito sa pag-aaral ni Saavedra (2018), kung saan nabanggit niyang ang Filipino ay isang mahalagang asignatura sapagkat dito nalilinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kapag nahasa ang kasanayang ito ng mga mag-aaral, may kakayahan ang mag-aaral na mailahad nang maayos sa paraang pasulat ang kanyang mga kaalaman.

Subalit, pinakita ng *Programme for International Student Assessment (PISA, 2018)* na maraming mag-aaral sa Pilipinas ang nahihirapan sa pag-unawa ng mga tekstong binabasa. Bilang tugon, pinagtibay ng DepEd ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo gaya ng *scaffolding*, *differentiated instruction*, at *remedial reading programs* upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng itinakdang oras ng klase (OECD, 2018).

Sa isang pag-aaral na isinagawa nina Torres et al. (2024), ipinakita na ang kakulangan sa oras ay nakaaapekto sa lalim ng pagtalakay ng mga guro sa mga paksa ng Asignaturang Filipino, lalo na sa mga araling nangangailangan ng diskusyon at pagninilay. Iminungkahi nila na magkaroon ng malinaw na alokasyon ng oras para sa mga gawain sa pagbasa, pagsusuri, at paglikha upang matamo ng mga mag-aaral ang inaasahang *learning competencies*.

Sa kabilang banda, ipinakita ni Lobitaña (2024) sa kaniyang *FICS Model* na sa kabila ng 45-minutong klase, nagiging posible pa rin ang epektibong pagtuturo ng Filipino kung may maayos na estruktura at organisasyon sa bawat bahagi ng aralin. Ang modelong ito ay nagbibigay-diin sa pagbibigay ng *focus* sa layunin, *connectivity* sa karanasan ng mag-aaral, at *synthesis* bilang bahagi ng pagtataya sa pagkatuto.

Sa pangkalahatan, nananatiling mahalagang haligi ng kurikulum ang Asignaturang Filipino sa kabila ng pagbabago sa alokasyon ng oras. Ang pag-aaral hinggil sa "45 Minuto para sa Asignaturang Filipino" ay makatutulong upang masukat kung gaano kaepektibo ang paggamit ng oras sa pagtuturo ng Filipino at kung paano ito nakaaapekto sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa kalidad ng pagkatuto.

**TEORETIKAL NA BALANGKAS**

Ang pag-aaral na "45 Minuto para sa Asignaturang Filipino: Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral ng Ayala National High School" ay nakabatay sa Time-on-Task Theory ni *John Carroll (1963)* at sa Teoryang Konstruktibismo nina *Jean Piaget (1970)* at *Lev Vygotsky (1978)*.

Ayon kay Carroll, ang lawak ng natututuhan ng isang mag-aaral ay nakasalalay sa aktuwal na oras na inilaan at ginamit sa pagkatuto. Ang *time-on-task* ay hindi lamang tumutukoy sa haba ng oras ng pagtuturo, kundi pati sa kung gaano kaepektibong nagagamit ang oras na iyon sa pagkatuto. Sa konteksto ng 45 minutong klase sa Filipino, makatutulong ang teoryang ito upang maunawaan ang persepsyon ng mga guro (SOP 1) sa kung paano nila nagagamit ang limitadong oras upang maihatid ang mga layunin ng kurikulum. Gayundin, maipapaliwanag nito ang pananaw ng mga mag-aaral (SOP 2) kung sapat ba ang oras upang lubos nilang maunawaan at maisabuhay ang aralin. Sa pamamagitan ng *Time-on-Task Theory*, masusuri kung epektibo bang naisasakatuparan ang pagkatuto sa loob ng itinakdang 45 minuto.

Samantala, ipinapakita ng Teoryang Konstruktibismo na ang kaalaman ay aktibong hinuhubog ng mag-aaral batay sa sariling karanasan at interaksiyon sa iba. Ayon kay Piaget, ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng *assimilation* at *accommodation* ng mga bagong ideya sa umiiral na *schema* ng mag-aaral, habang kay Vygotsky, mahalaga ang Zone of Proximal Development (ZPD) at scaffolding na ibinibigay ng guro. Sa 45 minutong klase, kailangang pumili ang guro ng mga estratehiyang nagtataguyod ng aktibong partisipasyon at kolaborasyon, upang maging makabuluhan ang bawat minuto ng pagkatuto. Dahil dito, nagiging gabay ang Konstruktibismo sa pagbuo ng mga rekomendasyon (SOP 3) kung paano mapabubuti pa ang paggamit ng oras sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino.

Ang dalawang teorya ay nagsasanib upang mabigyang-linaw ang tatlong layunin ng pag-aaral: mula sa *Time-on-Task Theory* ay masusuri ang sapat at epektibong paggamit ng oras batay sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral, at mula sa *Konstruktibismo* ay mauunawaan kung paano nagiging makabuluhan ang bawat minuto ng klase sa pamamagitan ng aktibong paglahok, kolaboratibong pagkatuto, at angkop na paggabay ng guro. Ganito rin ang ideyang inilahad nina Saavedra at Karanain (2022) sa kanilang ginawang pag-aaral sa MTB-MLE, kung saan nabanggit ng mga kalahok na isa sa mga dahilan ng hindi mahusay na kakayahan sa pagsasalita ng wikang Chabacano ay sapagkat hindi ito ginagamit sa bahay at hindi rin gaano sa paaralan. Kaya ang kakulangan sa exposure sa paggamit ng wika ang naging dahilan ng mababang antas ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Chabacano.Sa ganitong ugnayan, masusuri nang buo ang epekto ng 45 minutong oras sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino.

## IV. METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

### 1. Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Gagamitin sa pag-aaral na ito ang Mixed-Method Explanatory Design. Sa unang yugto, isasagawa ang quantitative phase gamit ang survey questionnaire na may Likert scale upang masukat ang mga persepsyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa kasapatan ng 45 minutong oras na inilaan para sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino. Sa ikalawang yugto, isasagawa naman ang qualitative phase sa pamamagitan ng Focus Group

Discussion (FGD) upang higit na maunawaan at maipaliwanag ang mga numerikal na resulta.

Ang disenyo ay magkakaroon ng descriptive-explanatory approach: deskriptibo dahil ilalarawan nito ang kasalukuyang kalagayan at mga persepsyon ng mga kalahok, at eksplanatori naman dahil layunin nitong ipaliwanag ang mga posibleng dahilan sa likod ng mga natuklasang datos.

***2.* Mga Kalahok at Sampling**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng dalawampung (20) guro sa asignatura ng Filipino at tatlumpung (30) mag-aaral mula sa ikawalong baitang ng Ayala National High School. Gagamitin ng mga mananaliksik ang purposive sampling sa pagpili ng mga guro sapagkat tanging mga nagtuturo lamang ng asignaturang Filipino sa Junior High School ang isasama sa pag-aaral. Pipiliin sila batay sa kanilang direktang karanasan at kaalaman sa paggamit ng 45 minutong oras ng pagtuturo. Samantala, sa pagpili ng mga mag-aaral, gagamitin ang stratified random sampling. Mula sa kabuoang dalawamput dalawang (22) seksyon ng Grade 8 na may tinatayang isang libong dalawang daan animnaput anim (1,266) na mag-aaral, anim (6) na seksyon ang pipiliin sa pamamagitan ng simple random sampling o bunutan upang matiyak na bawat seksyon ay may pantay na pagkakataong mapili. Pagkatapos mapili ang anim na seksyon, limang (5) mag-aaral mula sa bawat seksyon ang pipiliin din sa pamamagitan ng simple random selection (bunutan). Sa kabuoan, tatlumpung (30) mag-aaral ang magiging kalahok. Ang hakbang na ito ay isasagawa upang matiyak ang representasyon ng iba't ibang seksyon ng Grade 8 at upang maiwasan ang bias sa pagpili ng mga kalahok.

**Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Kalahok sa Pananaliksik**

| Kalahok | Paraan ng Pagpili | Bilang | Katangian o Antas |
|---|---|---|---|
| Mga Guro | Purposive Sampling | 20 | Mga nagtuturo ng Filipino sa Junior High School |
| Mga Mag-aaral (Grade 8) | Stratified Random Sampling | 30 | Mga mag-aaral mula sa 6 na seksyon ng Grade 8 |
| **Kabuoan** | | **50** | |

**Talahanayan 2. Distribusyon ng mga Napiling Seksyon at Mag-aaral (Stratified Random Sampling)**

| Baitang at Seksyon | Bilang ng Mag-aaral sa Seksyon | Bilang ng napiling Kalahok | Pamamaraan ng Pagpili |
|---|---|---|---|
| Grade 8 - Aquamarine | 63 | 5 | Random Sampling |
| Grade 8 - Moonstone | 60 | 5 | Random Sampling |
| Grade 8 - Pearl | 54 | 5 | Random Sampling |
| Grade 8 - Quartz | 58 | 5 | Random Sampling |
| Grade 8 - Ruby | 55 | 5 | Random Sampling |
| Grade 8 - Topaz | 55 | 5 | Random Sampling |
| **Kabuoan** | **345** | **30** | |

*3.* **Instrumento ng Pananaliksik**

Dalawang instrumento ang gagamitin ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos. Una, ang survey questionnaire na nakabatay sa Likert scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa kasapatan ng 45 minutong oras para sa asignaturang Filipino. Isasailalim ang naturang talatanungan sa pagsusuri ng tatlong eksperto upang matiyak ang content validity nito at masiguro na ang bawat aytem ay tumutugon sa layunin ng pag-aaral. Isasagawa rin ang pilot testing sa piling mga kalahok na hindi kabilang sa mismong pag-aaral upang masukat ang reliability ng instrumento gamit ang Cronbach's Alpha. Sa isinagawang pilot testing, ang talatanungan para sa mga guro ay nagpakita ng Cronbach's Alpha na 0.867, na tumutukoy sa napakataas at very good level of reliability. Samantala, ang talatanungan para sa mga mag-aaral ay nakakuha ng Cronbach's Alpha na 0.833, na kabilang din sa very good reliability, na nagpapakita ng mataas na konsistensi ng kanilang mga sagot. Ang mga resultang ito ay nagpapatunay na ang instrumento ay maaasahan, konsistent, at angkop para gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos. Ikalawa, gagamitin ng mga mananaliksik ang FGD guide questions na magsisilbing gabay sa talakayan upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa mga resulta ng sarbey at makuha ang mga rekomendasyon ng mga kalahok. Ang mga tanong sa FGD ay daraan din sa ebalwasyon ng mga dalubhasa upang matiyak ang kaugnayan, kalinawan, at pagiging angkop nito sa konteksto ng pag-aaral.

**4. Pangangalap ng Datos**

Isasagawa ang pangangalap ng datos sa dalawang yugto. Sa unang yugto, ipapasagot ng mga mananaliksik ang survey questionnaire sa mga piling guro at mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang instrumentong ito ay bubuoin batay sa layunin ng pag-aaral at susuriin muna ng tatlong eksperto sa larangan ng Filipino upang matiyak ang content validity. Isasagawa rin ang pilot testing sa isang maliit na grupo ng kalahok na hindi kabilang sa aktwal na pag-aaral upang makuha ang reliability coefficient gamit ang Cronbach's Alpha,

na layuning matiyak ang konsistensi ng mga pahayag sa loob ng talatanungan. Matapos ang beripikasyon, ipapasagot ang pinal na bersyon ng questionnaire sa mga kalahok sa loob ng paaralan sa itinakdang oras. Bibigyang-diin sa mga kalahok na boluntaryo ang kanilang paglahok, at titiyakin ng mga mananaliksik ang kumpidensyalidad at anonymity ng kanilang mga tugon. Layunin ng bahaging ito na makuha ang mga kuwantitatibong datos hinggil sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa kasapatan ng 45 minutong oras para sa asignaturang Filipino. Sa ikalawang yugto, isasagawa ang Focus Group Discussion (FGD) upang higit na mapalalim at maipaliwanag ang mga natuklasan mula sa sarbey. Dadaluhan ito ng piling kinatawan mula sa parehong grupo, mga guro at mag-aaral na boluntaryong papayag na makibahagi sa talakayan. Gagamit ang mga mananaliksik ng FGD guide questions na susuriin rin ng mga eksperto upang matiyak ang kaugnayan at pagiging malinaw ng bawat tanong. Isasagawa ang talakayan sa isang komportableng lugar sa loob ng paaralan at tatagal ng humigit-kumulang isang oras bawat sesyon. Ang mga sagot ng mga kalahok ay itatala at ire-record na may pahintulot upang maisagawa ang transkripsyon at thematic analysis sa susunod na yugto ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng FGD, makakalap ang kuwalitatibong datos na magsisilbing paliwanag, suporta, at pagpapalalim sa mga resulta ng sarbey, gayundin sa pagbubuo ng mga rekomendasyon hinggil sa epektibong paggamit ng oras sa pagtuturo ng Filipino.

**5. Paraan ng Pagsusuri ng Datos**

Upang masuri nang masinsinan ang mga makakalap na datos, gagamit ang mga mananaliksik ng kombinasyon ng kuwalitatibo at kuwantitatibong pamamaraan. Isasaayos ang pagsusuri batay sa bawat tiyak na tanong ng pag-aaral upang matiyak ang sistematikong interpretasyon ng mga resulta.

**Para sa SOP 1**, "**Ano-ano ang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong inilaan sa pagtuturo ng Filipino?**", gagamit ng deskriptibong istatistika. Ang bawat item sa survey questionnaire ay sasagutan gamit ang Likert scale na may limang antas: 5 – Lubos na Sumasang-ayon, 4 – Sumasang-ayon, 3 – Hindi Tiyak, 2 – Hindi Sumasang-ayon, at 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Bibigyan ng numerical value ang bawat sagot at kakalkulahin ang mean at percentage. Ang mga mean score ay bibigyan ng verbal interpretation upang mailarawan ang pangkalahatang antas ng pagsang-ayon ng mga guro hinggil sa kasapatan ng oras sa pagtuturo ng Filipino.

**Para sa SOP 2, "Ano-ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong inilaan sa pagkatuto ng Filipino?"**, susuriin din ang mga datos gamit ang **deskriptibong istatistika**. Gagamitin ang mean at percentage upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa bawat pahayag sa survey. Ipapakita ang mga resulta sa talahanayan upang malinaw na mailarawan ang distribusyon ng mga tugon. Pagkatapos, bibigyang-kahulugan ang mean scores upang matukoy kung paano nakikita ng mga mag-aaral ang kasapatan o kakulangan ng oras para sa kanilang pagkatuto. Sa huli, ihahambing ang resulta ng guro at mag-aaral upang makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kanilang pananaw hinggil sa 45 minutong oras para sa *Filipino.*

**Para sa SOP 3, "Ano-ano ang mga rekomendasyon ng mga guro at mag-aaral sa inilaang 45 minuto sa Filipino?"**, gagamit ng thematic analysis upang suriin ang datos mula sa Focus Group Discussion (FGD). Isasagawa ang transkripsyon ng mga sagot ng kalahok at rerepasuhin nang paulit-ulit upang matukoy ang mahahalagang idea at karaniwang pananaw. Ang mga sagot ay ikakategorya sa pamamagitan ng coding o paglalagay ng label sa magkakatulad na konsepto. Mula rito, lilitaw ang mga tema na sasagot sa mga mungkahi, obserbasyon, at rekomendasyon ng mga kalahok. Ang mga temang ito ay magsisilbing suporta sa numerikal na datos mula sa survey, upang magkaroon ng mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa itinakdang oras ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino.

**6. Etikal na Konsiderasyon**

Upang matiyak ang bisa at kredibilidad ng ginamit na instrumento, isasailalim ng mga mananaliksik ang survey questionnaire sa masusing ebalwasyon ng tatlong eksperto upang matukoy ang content validity at ang kaugnayan ng mga item sa pangunahing suliranin ng pag-aaral. Isasagawa rin ang paunang pagsubok upang masuri ang kalinawan, kaangkupan, at pagiging kapaki-pakinabang ng mga tanong bago ito opisyal na ipamahagi sa mga kalahok. Kaugnay nito, titiyakin ng mga mananaliksik na ang lahat ng kinakailangang pahintulot ay makukuha mula sa administrasyon ng Ayala National High School at mula mismo sa mga kalahok. Ipaaalam sa kanila ang layunin, pamamaraan, saklaw, at inaasahang partisipasyon sa pag-aaral, kabilang ang kanilang mga karapatan bilang kalahok. Mahigpit na titiyakin na ang kanilang paglahok ay ganap na boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong konsekuwensiya.

Samantala, upang mapangalagaan ang anonymity at confidentiality ng datos, hindi kokolektahin ang anumang personal na impormasyong maaaring direktang makapagtukoy sa pagkakakilanlan ng sinuman. Ang lahat ng tugon ay iimbak, at susuriin sa paraang nakaprotekta ang identidad ng mga kalahok at ituturing na mahigpit na kumpidensyal. Ang pagproseso, pag-access, pagtatago, at disposisyon ng mga datos ay isasagawa alinsunod sa itinakdang probisyon ng Data Privacy Act of 2012, kung saan tanging awtorisadong mananaliksik at, kung kinakailangan, tagapayo lamang ang may pahintulot na makakita ng mga electronic file na naka-secure at password-protected. Ang datos ay itatago sa loob ng itinakdang panahon ayon sa polisiya ng institusyon, at

pagkatapos nito ay permanenteng buburahin ang mga soft copy at ligtas na sisirain ang anumang nakaimprentang dokumento. Gagamitin lamang ang nakalap na impormasyon para sa lehitimong layuning akademiko ng pag-aaral. Sa huli, hayagang ipinahahayag ng mga mananaliksik na sila ay walang anumang conflict of interest na maaaring makaapekto sa proseso, interpretasyon, at presentasyon ng mga resulta ng pananaliksik.

## PRESENTASYON, PAGSUSURI, AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

**1. Ano-ano ang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong inilaan sa pagtuturo ng Filipino?**

**Talahanayan 1. Persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Kasapatan ng Oras**

| Pahayag | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Sapat ang 45 minuto upang maipaliwanag ko nang malinaw ang mga aralin sa Filipino. | 3.27 | Neutral |
| 2. Natatapos ko sa itinakdang oras ang lahat ng planadong gawain para sa klase. | 2.90 | Neutral |
| 3. Nakakatulong ang 45 minuto upang maisagawa ang mga interaktibong aktibidad. | 4.27 | Napaka Positibo |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Ang talahayanan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Kasapatan ng Oras. Noong makalkula ang kabuuang mean, ang resulta ay nagpapakita na ang persepsyon ng mga guro sa "Sapat ang 45 minuto upang maipaliwanag ko nang malinaw ang mga aralin" sa Filipino ay 3.27 na nagpapahiwatig na Neutral. Samakatuwid, ang neutral na resulta ay nagpapakita ng pangangailangang suriin pa ang kasapatan ng oras ng klase at isaalang-alang ang mga salik na maaaring magpahusay sa epektibong paggamit ng oras sa pagtuturo. Ang persepsyon ng mga guro sa "Natatapos ko sa itinakdang oras ang lahat ng planadong gawain para sa klase" ay 2.90 na nagpapahiwatig na Neutral. Ipinahihiwatig ng resultang ito na hindi tiyak ang mga guro kung palagi nilang natatapos ang lahat ng planadong Gawain sa loob ng itinakdang oras ng klase. Ang neutral na persepsyon ay nagpapakita ng pangangailangang suriin ang pagpaplano ng mga gawain sa klase at ang epektibong pamamahala ng oras upang masigurong ang mga layunin ng aralin ay natatamo sa loob ng nakatalagang oras. Pinapakita rin na ang persepsyon ng guro sa "Nakakatulong ang 45 minuto upang maisagawa ang mga interaktibong aktibidad" ay 4.27 ay naghihiwatig na napaka positibo. Pinapakita nito na ang 45 minutong oras ng klase ay itinuturing na angkop at kapaki-pakinabang sa pagpapatupad ng interaktibong pamamaraan ng pagtuturo.

**Talahanayan 2. Persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Epekto sa Kalidad ng Pagtuturo**

| Pahayag | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Ang limitadong oras ay nakaaapekto sa lalim ng pagtuturo ng mga paksa sa Filipino. | 3.47 | Positibo |
| 2. Pinahuhusay ng 45 minutong sesyon ang paggamit ko ng iba't ibang estratehiya. | 4.23 | Napaka Positibo |
| 3. May nakikita akong pagbabago sa atensyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. | 4.40 | Napaka Positibo |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Ang talahayanan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Epekto sa Kalidad ng Pagtuturo. Noong makalkula ang kabuuang mean, ang resulta ay nagpapakita na ang persepsyon ng mga guro sa "Ang limitadong oras ay nakaaapekto sa lalim ng pagtuturo ng mga paksa sa Filipino" ay 3.47 na nagpapahiwatig na positibong persepsyon. Pinapakita nito na nangangailangan suriin ang kasalukuyang alokasyon ng oras sa klase upang masiguro ang mas malalim at mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Pinapakita rin na ang persepsyon ng guro sa "Pinahuhusay ng 45 minutong sesyon ang paggamit ko ng iba't ibang estratehiya" ay may kabuuang mean na 4.23 na nagpapahiwatig ng napaka positibong persepsyon. Ipinahihiwatig nito na nagkakaroon ng kakayahan ang mga guro na mag-angkop at gumamit ng sari-saring estratehiya sa loob ng sesyon. Ang persepsyon ng mga guro sa "May nakikita akong pagbabago sa atensyon at partisipasyon ng mga mag-aaral" ay may kabuuang mean na 4.40 na nagpapahiwatig na napaka positibo. Pinapakita na ang kasalukuyang haba ng oras ng klase ay nakakatulong sa pagpapahusay ng atensyon at partisipasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 3. Persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Hamon at Karanasan**

| Pahayag | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Ang pagbuo ng epektibong lesson plan ay nagiging hamon dahil sa limitadong oras. | 3.67 | Positibo |
| 2. Kung mas mahaba ang oras, mas mapapahusay ko ang kalidad ng pagtuturo. | 3.87 | Positibo |
| 3. Malimit kong nararanasan ang hamon sa pagtuturo ng Filipino sa loob ng 45 minuto. | 3.07 | Neutral |
| 4. Sa pangkalahatan, nasisiyahan ako sa kasalukuyang alokasyon ng oras para sa Filipino. | 4.00 | Positibo |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Sa talahanayan 3, ipinapakita dito ang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Hamon at Karanasan. Ang mga guro ay may positibong persepsyon sa “Ang pagbuo ng epektibong lesson plan ay nagiging hamon dahil sa limitadong oras” na may kabuuang mean na 3.67. Ipinapakita na nangangailangan magbigay ng sapat na suporta at panahon sa mga guro upang mahusay ang kalidad ng kanilang lesson planning, na mahalaga sa epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino. May positibong persepsyon ang mga guro sa “Kung mas mahaba ang oras, mas mapapahusay ko ang kalidad ng pagtuturo” na may kabuuang mean na 3.87. Ang positibong persepsyon na ito ay nagpapakita ng pangangailangang isaalang-alang ang haba ng oras ng klase sa pagpapabuti ng pagtuturo sa asignaturang Filipino. Ang mga guro ay may neutral na persepsyon sa “Malimit kong nararanasan ang hamon sa pagtuturo ng Filipino sa loob ng 45 minuto” na may kabuuang mean na 3.07. Ipinapahiwatig nito na nangangailangan masuri ang epektibong pamamahiga ng oras sa pagtuturo ng Filipino.  Ang mga guro ay may positibong persepsyon sa “Sa pangkalahatan, nasisiyahan ako sa kasalukuyang alokasyon ng oras para sa Filipino” na may kabuuang mean na 4.00. Ipinapakita na may tiwala ang mga guro sa kasalukuyang pamamahagi ng oras at sa kanilang kakayahang iangkop ang kanilang pagtuturo.

**Talahanayan 4. Persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino**

| Aspeto | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Kasapatan ng Oras | 3.48 | Positibo |
| 2. Epekto sa Kalidad ng Pagtuturo | 4.03 | Positibo |
| 3. Hamon at Karanasan | 3.65 | Positibo |
| **Kabuoan** | **3.71** | **Positibo** |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Sa talahayanan 4, pinapakita dito ang kabuuang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa bawat usapin. Ang mga guro ay may positibong persepsyon sa lahat ng usapin: Kasapatan ng Oras na may kabuuang mean na 3.48, Epekto sa Kalidad ng Pagtuturo na may kabuuang mean na 4.03, Hamon at Karanasan na may kabuuang mean na 3.65, at Hamon at Karanasan na usapin na may kabuuang mean na 3.65. Sa kabuuan, may positibong persepsyon ang mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino. Sa kabuuang, ipinapakita ng result ana positibo ang persepsyon ng mga guro sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino. Pinapahiwatig nito na ang kasalukuyang haba ng oras ay nakikita nilang karaniwan or sapat para sa epektibong pagpapaliwanag, paggamit ng iba’t ibang estratehiya, interaktibong aktibidad, at pagpapanatili ng kalidad ng pagtuturo. Ito ay sinasang-ayunan sa pag-aaral nina Banua, E., Saavedra, A., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S. & Najam, H. (2022) kung saan ang mga estratehiya at pangkalahatang husay ng guro sa pagtuturo ay kinakailangang mabigyang-pansin bilang batayan sa mentoring na programa.

**2. Ano-ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong inilaan sa pagtuturo ng Filipino?**

**Talahanayan 5. Persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Kasapatan ng Oras**

| Pahayag | Kabuuang mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Sapat ang 45 minuto upang maunawaan ko ang mga aralin sa Filipino. | 2.40 | Negatibo |
| 2. Natatapos ng guro ang lahat ng paksa at gawain sa itinakdang oras | 2.25 | Negatibo |
| 3. Nakatutulong ang haba ng klase upang mas malinaw kong maintindihan ang mga leksiyon. | 2.70 | Neutral |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Sa talahanayan 5, nilalahad rito ang persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Kasapatan ng Oras. Ang mga mag-aaral ay may negatibong persepsyon sa pahayag na "Sapat ang 45 minuto upang maunawaan ko ang mga aralin sa Filipino" na may kabuuang mean na 2.40. Ipinapakita ng result na nangangailangang surrin ang paggamit ng oras sa pagtuturo upang matutunan nang husto ng mga mag-aaral ang asignaturang Filipino. May negatibong persepsyon ang mga mag-aaral sa pahayag na "Natatapos ng guro ang lahat ng paksa at gawain sa itinakdang oras" na may kabuuang mean na 2.25. Pinapakita nito na kailangang suriin ang pamamahagi ng oras upang masiguro ang kumpletong pagtuturo ng lahat ng paksa at gawain sa Filipino. Ang pahayag na "Nakatutulong ang haba ng klase upang mas malinaw kong maintindihan ang mga leksiyon" ay may neutral na persepsyon galing sa mga mag-aaral na may kabuuang mean na 2.70. Ipinapakita ng resulta na nangangailangan ng mahusay na pamamahala ng oras at paggamit ng iba't ibang estratehiya upang mas mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa loob ng itinakdang oras.

**Talahanayan 6. Persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Epekto sa Pagkatuto at partisipasyon**

| Pahayag | Kabuuang mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Kulang ang oras kaya may mga pagkakataon na hindi ako nakapagtatanong o nakakapagbahagi ng opinyon. | 3.95 | Positibo |
| 2. Mas nagiging masigla ang klase kapag ang aralin ay sakto o mas mahaba sa 45 minuto. | 2.50 | Negatibo |
| 3. Nabibigyan ako ng sapat na panahon upang magsanay sa mga gawain tulad ng pagsusulat o pagbasa. | 3.15 | Neutral |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Epekto sa Pagkatuto at partisipasyon. May positibong persepsyon ang mga mag-aaral sa pahayag na ". Kulang ang oras kaya may mga pagkakataon na hindi ako nakapagtatanong o nakakapagbahagi ng opinion" na may kabuuang mean na 3.95. Ipinapakita ang pangangailangang mahusay na pamamahagi ng oras at paggamit ng estratehiya ng guro upang masiguro ang mas aktibong partisipasyon ng bawat mag-aaral sa loob ng klase. May negatibong persepsyon ang mga mag-aaral sa pahayag na "Mas nagiging masigla ang klase kapag ang aralin ay sakto o mas mahaba sa 45 minuto" na may kabuuang mean na 2.50. Ang negatibong persepsyon ay nagpapakita na ang pagdagdag ng oras ng klase ay hindi awtomatikong nakasisiguro ng mas aktibong pagkatuto o masiglang talakayan. Ang pahayag na "Nabibigyan ako ng sapat na panahon upang magsanay sa mga gawain tulad ng pagsusulat o pagbasa" ay may neutral na persepsyon galing sa mag-aaral na may kabuuang mean na 3.15. Ipinapakita ng resulta na nangangailangan ng mas maayos na pamamahagi ng oras at paggamit ng angkop na estratehiya upang masiguro ang sapat na pagkakataon ng bawat mag-aaral na magsanay sa mga gawain sa Filipino.

**Talahanayan 7. Persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Hamon at Karanasan**

| Pahayag | Kabuuang mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong tapusin ang mga aktibidad dahil sa limitadong oras ng klase. | 4.35 | Napaka positibo |
| 2. May mga gawain o paksa na madalas na hindi natatapos dahil kulang ang oras. | 4.15 | Positibo |
| 3. Sa aking palagay, ang 45 minuto ay sapat upang maabot ang layunin ng aralin sa Filipino. | 3.25 | Positibo |
| 4. Sa pangkalahatan, nasisiyahan ako sa kasalukuyang haba ng oras para sa Filipino. | 2.60 | Neutral |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Ang talahanayan na ito naglalahad ng persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Hamon at Karanasan. Napaka positibo ang persepsyon ng mag-aaral sa pahayag na "Nahihirapan akong tapusin ang mga aktibidad dahil sa limitadong oras ng klase" na may kabuuang mean 4.35. Pinapakita ng resulta ang pangangailangang suriin ang alokasyon ng oras at pamamahagi ng gawain sa klase

upang masiguro na ang bawat mag-aaral ay nabibigyan ng sapat na pagkakataon upang masiguro na ang bawat mag-aaral ay nabibigyan ng sapat na pagkakataon upang makumpleto ang mga aktibidad upang mapabuti ang kanilang karanasan sa pag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga mag-aaral ay may positibong persepsyon sa pahayag na "May mga gawain o paksa na madalas na hindi natatapos dahil kulang ang oras" na may kabuuang mean na 4.15. Ipinapakita na kailangang suriin ang alokasyon ng oras sa klase upang masiguro na natatapos ang lahat ng mahahalagang gawain sa asignaturang Filipino. Ang mga mag-aaral ay may positibong persepsyon sa pahayag na "Sa aking palagay, ang 45 minuto ay sapat upang maabot ang layunin ng aralin sa Filipino" na may kabuuang mean na 3.25. Ipinapakita ng resulta na ang kasalukuyang haba ng klase ay itinuturing na sapat sa pangkalahatang pagkatuto ng mag-aaral sa Filipino. Pinapakita rin na ang persepsyon ng mga mag-aaral sa pahayag na "Sa pangkalahatan, nasisiyahan ako sa kasalukuyang haba ng oras para sa Filipino" ay may kabuuang mean na 2.60 na nagpapahiwatig na Neutral. Ipinapakita ng result ana hindi tiyak ang mga mag-aaral kung sapat ang 45 minutong haba ng klase. Ipinapakita na nangangailangang suriin ang alokasyon ng oras upang mas mapabuti ang karanasan at pagkatuto ng mag-aaral.

**Talahanayan 8. Persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino**

| Aspeto | Kabuuang mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Kasapatan ng Oras | 2.45 | Negatibo |
| 2. Epekto sa Pagkatuto at Partisipasyon | 3.20 | Neutral |
| 3. Hamon at Karanasan | 3.59 | Positibo |
| **Kabuoan** | **3.13** | **Neutral** |

*Legend: 5.00-4.20: Napaka Positibo (Lubos na sumasang-ayon), 4.19-3.40: Positibo (Sumasang-ayon), 3.39-2.60: Neutral (Hindi tiyak), 2.59-1.80: Negatibo (Hindi sumasang-ayon), 1.79-1.00: Napaka Negatibo (Lubos na hindi sumasang-ayon)*

Sa talahayanan 8, pinapakita ang persepsyon ng mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino. Ang mga mag-aaral ay may negatibong persepsyon sa aspetong "Kasapatan ng Oras" na may kabuuang mean na 2.45. Ang mga mag-aaral ay may neutral na persepsyon sa aspetong "Epekto sa Pagkatuto at Partisipasyon" na may kabuuang mean na 3.20. Pinapakita rin na ang persepsyon ng mga mag-aaral sa aspetong "Hamon at Karanasan" ay may kabuuang mean na 3.59 na nagpapahiwatig na Positibo. Halos ganito rin ang lumabas sa pag-aaral nina Saavedra, Alejandro, & Espinosa, (2022), kung saan isa sa mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik ay ang kakulangan ng oras upang maisagawa ang kanilang pag-aaral. Malimit na nakukulangan sila nang oras na nagreresulta sa hindi masyadong maayos na output. Sa kabuuan, may neutral na persepsyon ang mga mag-aaral sa 45 minutong oras ng pagtuturo ng Filipino. Ipinahihiwatig ng resulta na limitado para sa mag-aaral ang 45 minutong haba ng klase para sa kanilang pagkatuto. Ipinahihiwatig din na hindi tiyak ang mga mag-aaral kung sapat na ang haba ng oras upang mas mapabuti ang pag-unawa at aktibong pakikilahok sa klase. Ngunit, ipinapakita din sa resulta ang positibong aspekto sa kanilang karanasan sa klase. Bilang pangkalahatan, iminumungkahi na suriin ang alokasyon ng oras sa klase sa asignaturang Filipino.

**3. Ano-ano ang mga rekomendasyon ng mga guro at mag-aaral sa inilaang 45 minuto sa Filipino?**

**Talahanayan 9. Mga Umuusbong na Tema mula sa Focus Group Discussion ng mga Guro hinggil sa Inilaang 45 Minuto sa Filipino**

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang mga temang nabuo mula sa Focus Group Discussion ng mga guro bilang tugon sa ikatlong suliranin ng pag-aaral. Ginamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga dominanteng pananaw ng mga guro hinggil sa kasapatan ng 45 minutong alokasyon sa asignaturang Filipino, pati na ang kanilang mga rekomendasyon batay sa aktuwal na karanasan sa pagtuturo. Ang mga temang ito ay sumasalamin sa ugnayan ng oras, kalidad ng pagtuturo, at pagkamit ng mga inaasahang kompetensi.

| Tema | Paglalarawan ng Tema | Mga Batayang Pahayag |
|---|---|---|
| Kakulangan ng oras sa pagtuturo | Hindi sapat ang 45 minuto upang maisagawa ang buong siklo ng pagtuturo—mula talakayan hanggang pagproseso ng pagkatuto | "Hindi natatapos ang paksa"; "Putol-putol ang pagtuturo" |
| Apektadong aspeto ng pagtuturo | Ang limitadong oras ay may direktang epekto sa lalim ng diskurso, kalidad ng gawain, feedback, at remediation | "Hindi napapalalim ang paliwanag"; "Walang oras sa remediation" |
| Pag-angkop ng estratehiya | Umaangkop ang mga guro sa pamamagitan ng time-efficient strategies upang mapanatili ang bisa ng pagtuturo | Think-Pair-Share, ICT integration, explicit teaching |
| Rekomendasyon sa mas mahabang oras | Isang oras ang itinuturing na mas angkop upang matamo ang mga layunin ng aralin | "Isang oras ay sapat upang matapos ang paksa" |

Ipinahihiwatig ng Talahanayan 9 na ang pangunahing rekomendasyon ng mga guro ay rebisyon ng kasalukuyang alokasyon ng oras para sa Filipino. Hindi lamang kakulangan sa oras ang isyu, kundi ang pagkakaroon ng limitasyon sa pedagogical effectiveness, partikular sa pagpapaunlad ng mataas na antas ng pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng SOP 3, malinaw na itinataguyod ng mga guro ang isang oras na klase bilang mas angkop na kondisyon upang maisakatuparan ang mga itinakdang kompetensi sa kurikulum.

**Talahanayan 10. Mga Umuusbong na Tema mula sa Focus Group Discussion ng mga Mag-aaral hinggil sa Inilaang 45 Minuto sa Filipino**

Inilalahad sa Talahanayan 10 ang mga temang umusbong mula sa Focus Group Discussion ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang karanasan at rekomendasyon sa 45 minutong oras ng klase sa Filipino. Ang kanilang mga tugon ay nagbibigay-diin sa epekto ng oras sa aktibong pagkatuto, partisipasyon, at kakayahang makumpleto ang mga gawaing akademiko

| Tema | Paglalarawan ng Tema | Mga Batayang Pahayag |
|---|---|---|
| Halo-halong karanasan | May mga mag-aaral na nakakayang umangkop sa 45 minuto, ngunit mas nangingibabaw ang karanasang kulang ang oras | “Bitin ang oras”; “Hindi natatapos ang gawain” |
| Kakulangan ng oras sa gawain | Ang performance task at group activity ang higit na nangangailangan ng mas mahabang oras | “Kulang ang oras sa group activity” |
| Pangangailangan ng mas mahabang oras | Mas ninanais ang 60 minuto upang mapalalim ang pag-unawa at hindi magmadali | “Mas gusto ko ang isang oras” |
| Payo sa pamamahala ng oras | Binibigyang-diin ang maayos na pagpaplano at angkop na dami ng gawain | “Magplano nang maayos” |

Ipinakikita ng Talahanayan 10 na bagama’t may kakayahan ang ilang mag-aaral na matuto sa loob ng 45 minuto, hindi nito ganap na natutugunan ang pangangailangan para sa mas malalim at makabuluhang pagkatuto. Kaugnay ng SOP 3, malinaw na ang rekomendasyon ng mga mag-aaral ay pagpapahaba ng oras ng klase upang magkaroon ng sapat na espasyo para sa pag-iisip, kolaborasyon, at malikhaing pagpapahayag—mahahalagang elemento ng pagkatuto sa Filipino.

**Talahanayan 11. Pinagsamang Tema ng mga Guro at Mag-aaral hinggil sa Rekomendasyon sa Oras ng Filipino**

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang integratibong pagsusuri ng mga temang mula sa mga guro at mag-aaral upang matukoy ang magkakatulad na rekomendasyon hinggil sa kasalukuyang alokasyon ng oras sa Filipino. Ang talahanayang ito ay nagsisilbing buod ng kolektibong pananaw ng mga pangunahing stakeholder sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

| Tema | Paglalarawan ng Tema | Mga Batayang Pahayag |
|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | Hindi sapat ang 45 minuto | Ang limitadong oras ay humahadlang sa epektibong pagtuturo at aktibong pagkatuto |
| Guro at Mag-aaral | Mas angkop ang isang oras | Ang 60 minutong klase ay nagbibigay-daan sa mas balanseng talakayan at gawain |
| Guro at Mag-aaral | Kailangan ng maayos na pagpaplano | Mahalaga ang instructional design upang mapakinabangan ang oras |
| Guro at Mag-aaral | Apektado ang aktibong pagkatuto | Ang performance-based at kolaboratibong gawain ay nangangailangan ng mas mahabang oras |

Batay sa Talahanayan 11, malinaw na nagkakatugma ang rekomendasyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa pangangailangang baguhin ang kasalukuyang 45 minutong alokasyon sa Filipino. Bilang tugon sa SOP 3, lumilitaw na ang isang oras na klase ay mas akma sa paglinang ng kasanayang pangwika at pampanitikan. Ipinahihiwatig nito na ang oras ay isang kritikal na salik sa kalidad ng pagtuturo at dapat isaalang-alang sa mga desisyong pangkurikulum at pampaaralan.

## Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang kasalukuyang 45 minutong alokasyon ng oras sa asignaturang Filipino ay hindi ganap na nakatutugon sa mga pangangailangang pedagogical ng mga guro at pangangailangang akademiko ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng resulta na may malinaw na ugnayan ang haba ng oras ng pagtuturo sa kalidad ng pagkatuto, sapagkat ang kakulangan ng oras ay naglilimita sa aktibong diskurso, kolaborasyon, at mas malalim na pag-unawa sa aralin. Bukod dito, ang pagkakatulad ng pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa rekomendasyong gawing isang oras ang klase sa Filipino ay nagpapahiwatig ng pangangailangang muling suriin ang umiiral na time allotment sa paaralan. Lumitaw din na ang paggamit ng thematic analysis sa Focus Group Discussion (FGD) ay naging mahalagang pamamaraan upang mailahad ang mas malalim na kahulugan ng mga karanasan at rekomendasyon ng mga kalahok, na nagsilbing suporta sa mga resulta ng kwantitatibong datos.

## Rekomendasyon

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda na muling suriin ng administrasyon ng paaralan ang kasalukuyang oras na inilaan sa asignaturang Filipino at isaalang-alang ang pagpapahaba nito sa isang oras o animnapung minuto upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Para naman sa mga guro sa Filipino, iminungkahi ang mas masusing lesson planning at paggamit ng angkop na mga estratehiya sa pagtuturo upang mas mapakinabangan ang limitadong oras ng klase, lalo na sa mga gawaing nakatuon sa kasanayan at pagganap ng mga mag-aaral. Hinihikayat din ang mga mag-aaral na maging aktibo sa pakikilahok at gamitin nang maayos ang oras sa loob ng klase upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahang pangwika. Samantala, maaaring gamitin ng mga tagapagbalangkas ng kurikulum ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagrepaso ng time allotment ng mga asignaturang wika, partikular ng Filipino. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga kaugnay na pag-aaral na magtutuon sa paghahambing ng iba't ibang alokasyon ng oras o paggamit ng eksperimental na disenyo upang higit pang mapatibay at mapalawak ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral.

## SANGGUNIAN


[1] Official Gazette. (2013, May 15). *Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013.* Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

[2] Department of Education. (2012). *DepEd Order No. 31, s. 2012: Policy guidelines on the implementation of the K to 12 basic education curriculum.* Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2012/04/17/do-31-s-2012-policy-guidelines-on-the-implementation-of-the-k-to-12-basic-education-curriculum/

[3] Department of Education. (2024). *DepEd Order No. 012, s. 2024: Implementing guidelines on the MATATAG curriculum for Kindergarten to Grade 10.* Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2024_012.pdf

[4] MATATAG Curriculum. (2024). *Time allotment per subject.* Retrieved from https://matatagcurriculum.com/matatag-curriculum-time-allotment-per-subject/

[5] Abelgas, I., et al. (2024). *The 5T's in implementing MATATAG curriculum.* All Multidisciplinary Journal. Retrieved from https://www.allmultidisciplinaryjournal.com/

[6] Alajar, F. V., & Paglinawan, J. L. (2024). Beyond the bell: The role of instructional time and learner persistence in shaping effective public-school curricula. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS), 8*(11), 3123–3132. Retrieved from https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/beyond-the-bell-the-role-of-instructional-time-and-learner-persistence-in-shaping-effective-public-school-curricula/

[7] Capelo, H., et al. (2024). Perceived impact of instructional time to the academic performance of Grade 5 pupils in English at Malaban East Elementary School. *ResearchGate.* Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/383062875_PERCEIVED_IMPACT_OF_INSTRUCTIONAL_TIME_TO_THE_ACADEMIC_PERFORMANCE_OF_GRADE_5_PUPILS_IN_ENGLISH_AT_MALABAN_EAST_ELEMENTARY_SCHOOL

[8] Vandenberghe, V., & Saavedra, J. (2021). Instruction time and achievement: Moderating role of teacher quality. *ScienceDirect.* Retrieved from https://www.sciencedirect.com/

[9] Lobitaña, G. M. (2024). *FICS model of teaching mathematics in 45 minutes.* All Multidisciplinary Journal. Retrieved from https://www.allmultidisciplinaryjournal.com/uploads/archives/20241220183416_F-24-183.1.pdf

[10] Banua, E., Saavedra, A., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S., & Najam, H. (2022). Evaluating teachers' teaching performance as basis for mentoring and technical support. *NeuroQuantology, 20*(13), 896.

[11] Torres, M. V., et al. (2024). Teachers' views on the conduct of class observation. *International Journal of Instruction.* Retrieved from https://www.e-iji.net/

[12] Abagon, M., & Quintino, J. (2021). *Paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa asignaturang Filipino.* Quezon City: Rex Bookstore.
[13] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: An analysis among elementary-grade Filipino learners. *Webology, 15*(1).
[14] Saavedra, A., Alejandro, W., & Espinosa, R. (2022). Self-perceived research competence among social sciences students: An investigative survey during the COVID-19 pandemic. *International Journal of Health Sciences,* 4211–4221.
[15] Saavedra, A., & Karanain. (2022). Learners' beliefs and use of Chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics, 10*(1), 40–46.
[16] SunStar Manila. (2024, August). DepEd allows schools to adjust class schedules for MATATAG Curriculum. Retrieved from https://www.sunstar.com.ph/manila/deped-allows-schools-to-adjust-class-schedules-for-matatag-curriculum